

# New Haven Unified School District

## Mga Layunin at mga Isasagawang Aksyon ng Distrito para sa 2020-2023

### #1 - College, Career, at Pagiging Handa sa Buhay sa Pamamagitan ng Pagtuturo at Pag-aaral

Ang lahat ng mga mag-aaral ay magtatapos o ga-graduate nang handa para sa college, sa pagsisimula ng career at handa sa pagharap sa buhay, at kung saan may kakayahan ang bawat estudyante na pumili kung paano sila magiging productive, responsable at matagumpay na mga mamamayan sa mundo.

#### **Mga Isasagawang Aksyon:**

- Magbibigay ng personalized at makabagong curriculum na naaayon sa standards na ihahatid sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo
- Magbubuo at isasakatuparan ang pagkakaroon ng mga learning experience o karanasan sa pag-aaral kung saan pinagsasama-sama ang iba't ibang mga technological resources upang mas maging mainam pa ang pag-aaral ng estudyante
- Pagsusuri ng paraan ng pag-aaral ng mga estudyante sa pamamagitan ng isang sistema na binubuo ng mga formative, summative at performance-based na mga pagsusuri na magiging batayan sa pagtuturo at pag-aaral

### #2 – Pagkakapantay-pantay, Pagkakaroon ng Access at Achievement

Ang pag-aaral at ang emosyong mararanasan ng lahat ng mga mag-aaral ay magiging mayaman sa isang setting na puno ng iba't ibang gawain at may matatag na prinsipyo ukol sa pagkakapantay-pantay at itinataguyod ang pagkakaroon ng magandang kalusugan at pag-aaral na naka-sentro sa pakikipagkapwa at emosyon.

#### **Mga Isasagawang Aksyon:**

- Pagpapatupad ng mga kondisyon na nagbibigay ng kasiguraduhan na ang lahat ay nakakalahok at magkakapantay
- Paggawa at pagpapatupad ng mga sistema na binubuo ng iba't ibang antas upang makapagbigay ng kumpletong suporta sa pag-aaral, sa pagtama ng pagkilos at pag-uugali at suportang sosyal at emosyunal
- Koordinasyon ng mga serbisyo para sa pagbibigay ng suporta sa mga mag-aaral ukol sa pagtatagumpay ng kanilang pag-aaral, attendance at katatagan ng kanilang pamilya

### #3 - Mabisang Pagsasamahan ng mga Empleyado at Kultura ng Pagtutulongan sa Distrito

Ang lahat ng staff ay namin ay nakikipagtutulongan, pinahahalagahan at nakikibahagi upang mabigyan ang mga mag-aaral namin ng pantay-pantay at positibong karanasan at resulta.

#### **Mga Isasagawang Aksyon:**

- Pagbubuo ng ugnayan para sa komunikasyon at paglutas ng problema na transparent o walang itinatago at kung saan ang bawat isa ay nakakalahok
- Pagpapanatili at paghikayat ng mga empleyado kung saan nararamdaman nila na sila ay pinahahalagahan at nakikibahagi sila sa mga working environment na makabago at kung saan ang lahat ay nagtutulongan
- Pagtataguyod at pagsuporta sa propesyunal at personal na kalusugan ng bawat empleyado

### #4 – Pagpunta, Pakikibahagi at Pagtataguyod ng Komunidad

Ang mga pamilya at miyembro ng komunidad ay nakikibahagi at tumatanggap ng impormasyon ukol mga karanasan at resulta sa pag-aaral ng aming mga mag-aaral.

#### **Mga Isasagawang Aksyon:**

- Pagbuo ng sistema ng komunikasyon na kumpleto, regular at may koordinasyon
- Pagbuo ng identity o pagkakakilanlan at imahe ng buong distrito at naaayon sa mga programa nito, at pagbuo ng mensahe sa pagtataguyod at pagpapaalam sa lahat ng mga programa, resources at mga achievements nito
- Pagbibigay sa komunidad at mga pamilya ng mabisa at customer-friendly na mga serbisyo

### #5 - Mabisang Resource Management at Operational Sustainability

Ginagamit sa tamang paraan at napapanatili ang mga resources, pasilidad, at teknolohiya namin upang masigurong nabibigyan ng napakainam na learning environment ang lahat ng mga mag-aaral.

#### **Mga Isasagawang Aksyon:**

- Gawing nakaayon ang mga sistema sa pagbubuo ng budget sa mga layunin at prayoridad ng NHUSD
- Pagtuon ng mga resources sa mga mahahalagang programa sa kaligtasan at paghahanda ng mga learning environments para sa hinaharap
- Pagbuo at pagpapatupad ng plano upang maging matatag ang enrollment